Fukushima International Association

# Fukushima NOW

Vol.10（Itinanyag ngayong Agosto2019）

Ang Prepekturang Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now"sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon mataposmaganap ang sakuna, kahit na sa pama-magitanng palitang panginternasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.

## Voices from Fukushima

### Si Mr. Steve Terada para ipahayag sa buong mundo ang kalagayan ng pag babagong naganap sa Fukushima (ipinanganak sa Hawaii Honolulu・kasalukuyang naninirahan sa Fukushima)

Si Mr. Steve Terada ay pangatlong henerasyon ng Haponese-Amerikano na ang mga ninuno ay mula sa prepektura ng Kumamoto.Ngayong taon ng Marso si Steve at ang kanyang asawang si Jackie ay lumipat dito sa lunsod ng Fukushima.(Araw ng pakikipanawam: Mayo 28, 2019)※ Ang pakikipanawam ay isinagawa sa wikang Ingles.



**- Kumusta naman po ang pamumuhay niyo sa Fukushima?**

Araw araw ay maraming gawain, ngunit masaya kaming namumuhay ng aking asawa.

**- Puwede po ba naming malaman ang dahilan kong bakit kayo lumipat sa Fukushima?**

Noong Hunyo 2011 bilang boluntaryo ang una kong pagbisita sa Fukushima. Bilang isang sundalo ng bansang Amerika,ang gobyerno ay nag utos na kailangang lisanin namin ang lunsod ng Fukushima sa isang araw at ito ay palagi kong pinagsisisihan. Noong taon ng 2018 ako ay nag retired bilang U.S. Army Corps of Engineering at bumisita akong muli sa Fukushima noong buwan ng Mayo 2018. At dahil sa pagpasyal kong iyon sa Fukushima ako at ang asawa ko ay humanga ng husto sa lunsod kaya nag desisyon kaming mag-asawa na lumipat dito kaagad sa sumunod na buwan.

**- Noong buwan ng Mayo, 2018 na bumalik kayo sa Fukushima ay saan po kayo pumunta at bumisita?**

Ako ay dalawang lingong bumisita kung saan saan sa lugar ng Fukushima, kasama na ang lugar ng Daiichi Nuclear Power Plant. Napagalaman ko na sa kadahilanan ng mga masasamang balibalita, marami paring mga mamamayan ang nahihirapan para itayo ang kanilang panibagong pamumuhay. Kaya ang naging resulta ay nag umpisa akong mag isip kong papaano ko sila matutulungan.

**- Puwede po ba naming malaman kong ano ang iyong mga plano at gagawing mga aktibidadis dito sa Fukushima?**

Ako ay susulat ng artikulo na ang paksa ay tungkol sa mga sumusunod turismo, palaisdaan, agrikultura, evacuation zones, Daiichi Nuclear Power Plant, ang pagbangon at marami pang iba.At ngayong tag-init ay palagian na akong mag papahayag ng artikulo.

**-Maliban sa pag sulat ng artikulo ay may plano ka bang magturo?**

Oo, sa ngayon ay maraming naka plano para sa aking pagtuturo.At saka ako ay nalulugod na mag karoon ng aportunidad na mag salita tungkol sa kung papaano nakabangon ang Fukushima sa mga dayuhang komunidad at banyagang mga asusasyon sa loob at labas ng prepektura.

**- Ano ang naging reaksyon ng mga kaibigan at pamilya mo sa Hawaii?**

Ang aking mga kaibigan ay nag-alala sa naganap na aksidente sa radiation kaya nabigla sila ng malaman nilang ako ay lilipat sa Fukushima.Ngunit, naunawaan naman nila na kasalukuyan ay maraming natututo tungkol sa prepektura.

**-Mayroon po ba kayong nais pahayag sa mga mambabasa.**

Gusto kong magkaroon ako ng koneksyon sa iba't ibang tao.Kaya nananawagan ako, kung sino man po ang interesado o gustong tumulong sa aking trabaho ay maari pong makipag-ugnayan sa akin.

## Aktibong pagsali ng mga banyagang mamamayan (lunsod ng Fukushima)

「Tohoko Kizuna Matsuri 2019 Fukushima」ay ginanap sa lunsod ng fukushima noong Hunyo 1 (Sabado)・2 (Linggo) 2019. Ang anim(6) na prepektura ay magkakasamang nagpalabas. Ang myembro ng staff bank system ng Fukushima International Association ay tumulong bilang guide na may kasamang interpretasyon at ang asusasyon ng Vietnamese community ay nagtayo ng booth at nagtinda ng mga lutong pagkain ng Vietnam.



## Magkakaroon ng ebento para panatilihin at pahalagahan ang mga lokal na ari-arian (lunsod ng Aizu-wakamatsu)

Noong Hunyo 8 (Sabado) sa 「Sutoh Agricultural Product」ay ginanap ang pagpapawala ng pato sa loob ng palayan.Ang sponsor na si Mrs. Sutoh Bond Aki, kasama ang kanyang asawa na contemporary art writer na si Mr. Richard Bond ay inumpisahan ang pagsasagawa ng ebento na pinaghalo ang art at agriculture na may apat na taon ng nakalilipas.Nang araw na ito ay kabilang na ang sumali mula sa Kanto region ay may total na 25 katao ang nagsidalo. Sa pagsasalu-salo ay inihanda ang mga local na lutong pagkain at ang homemade na pizza ni Mr. Richard ay ipinamigay.



## Karanasan sa pag gawa ng soba（Lunsod ng Iwaki）

Noong Hulyo 28(lingo) sa Iwaki Intenational Association ay ginanap ang ebento ng pag gawa ng soba at kashiwa mochi. Ang mga sumali ay Intsik, Filipino, Nepal at Hapones na binuo ng 27 katao. Ang sumaling Insik na si Ms. Cho Hei ay nag wikang 「May mga parting kahawig ng pag gawa ng balot ng gyosa pero iba pa rin.Ang pag hiwa ang pinaka mahirap na parte」



**Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika** Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 10 na wika.http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/

**Konsultasyon para sa mga Foreign Residents**

English, Intsik, Hapones

Tuwing Martes hanggang Sabado 9:00-17:15

Koreano, Tagalog, Portuges, Vietnamese

Tuwing Huwebes 10:00～14:00（Kailangan magpa-appointment tuwing ika 4 at 5 Huwebes ng buwan.）

☎**024-524-1316** ✉**ask@worldvillage.org**（pribado）

**Paki padala po ang inyong comments o panukala**

Ikinagagalak po naming marinig ang inyong opinyon o panukala. Paki padala po ang impormasyon tungkol sa paksa na gusto ninyong ipahayag o kaya naman ay impormasyon tungkol sa mga taong gustong mainterview.

Tagapaglathala

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎ 024-524-1315 📠 024-521-8308

✉ info@worldvillage.org

💻 http://www.worldvillage.org

Facebook https://www.facebook.com/fiainfo

Twitter https://twitter.com/fia_info